# "Pakawalan Mo Ako"

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis Techie "Soar" Rodriguez, Elder-Founder TLF
Pebrero 27, 2021

Gustong-gusto ni Jesus ang makisalamuha sa Kanyang mga alagad. Natutuwa Siyang makita ang ating pagsisikap. May mga bagay na Diyos lang ang makagagawa, ngunit may mga bagay din na gusto ng Diyos na tayo ang gagawa.

**1.Bakit inaantala ni Jesus?** Mahal ni Jesus sina Marta, Maria, at Lazarus. Kinagigiliwan nila ang tapat na pakikipagkaibigan sa kanila ni Jesus. Kaya't noong nalaman ni Jesus na may sakit si Lazarus sa Juan 11, inasahan nina Maria at Marta ang agad na pagdating ni Jesus. Subalit, naantala ang pagdating Niya dahil:

**1.1 para palalimin ang pananalig ng mga alagad.** Minsan, inaantala ng Panginoon ang pagtugon para ipakita Niya ang Kanyang kaluwalhatian at para lumalim pa ang ating pananampalataya.

**1.2 para ipaalala sa atin kung kanino tayo humihiling.** Parang kinakalimutan natin na may kapangyarihan ang Diyos na ipatigil ang pag-ikot ng mundo para masagot ang dalangin ng isang tao.

**1.3 para ipakita Niya sa atin na kaya Niyang gumawa ng himala maski nasa malayo Siya.** Walang pisikal na hangganan ang makahadlang sa Kanyang mga gawain (Is. 59:1; Mt. 8:5-13; Mt. 15: 21-28).

**1.4 para sabihin sa atin na walang makapipigil sa Kanya.** Walang hangganan ang kapangyarihan ng Diyos. Lubhang makapangyarihan ang Diyos na sa Kanyang Salita lamang ay nalikha ang sansinukob.

**1.5 para matiyak Niya sa atin ang Kanyang himala.** Sa paniniwala ng mga Hudyo, ang espiritu ng taong namatay ay mananatili sa kanyang katawan ng tatlong araw bago ito maagnas, kaya hinintay pa ni Jesus ang ika-apat na araw.

**1.6 para ipakita ang kaluwalhatian ng Diyos (Jn. 11:4).**

**1.7 para tiyakin sa atin na ang pagkaantala ay tanda ng Kanyang pag-ibig.**

**1.8 para ipakita na ang pagka-antala ay hindi kawalan ng pag-asa.** Kung malaki ang problema, malaki din ang himala.

**1.9 para patunayan na Siya ang Muling Nabuhay**. Ang muling pagkabuhay ay hindi para sa mga buhay kundi para sa mga patay. Ang kamatayan ni Lazarus ay sinasalamin ang kawalan ng buhay ng tao kung wala si Cristo (Lk. 15:24; Efe. 2:1-3).

**2. Ang tatlong utos ni Jesus sa muling pagkabuhay ni Lazarus.**

**2.1 Sinabi Niyang alisin ang batong nakaharang.** Ang bato ay kumakatawan sa agam-agam, takot, pagkawalan ng pag-asa, at kapaitan ng buhay na nakaharang sa mga himala sa ating buhay. Makikita lamang natin ang ilaw ng Diyos kung natanggal na ang batong nakaharang.

**2.2 Sinabi Niya kay Lazarus na lumabas.** May mga bagay na gusto ng Diyos na tayo ang gagawa, at hindi Niya gagawin ang dapat nating gawain. Hindi Siya ang magbabasa ng Bibliya o hindi Siya ang magbibigay ng ikapu sa atin.

**2.3 Sinabihan Niya ang mga tao na kalagan siya at pakawalan.** Si Lazarus na nakabalot ng damit panlibing ay larawan ng bawat bagong silang na anak ng Diyos. Hindi natin kayang palitan ang iba; Diyos lamang ang makapagpabago sa tao. Ngunit, kailangan natin silang kalagan (Gal. 6:1). May mga himala, ngunit kailangan nating natuklasan. Bilang mananampalataya, hindi natin magagawa ang pinagagawa ng Diyos sa atin kung may nakapulupot pang damit panlibing sa atin. Para makalagan natin ang iba, dapat makalagan muna tayo.

**Konklusyon:**
Hawak ni Jesus ang susi ng kamatayan, impyerno, at libingan. Siya ang nakaaalam sa lahat. Ngunit, may mga pagkakataong tinatawag tayo ng Diyos para tulungan Siya.

**Pagninilay:**
1. Anong bahagi ng buhay mo ang parang inaantala ng Diyos? Ano ang itinuturo ng Diyos dito?
2. Sa anong paraan ka makatutugon sa tawag ng Diyos para matulungan ang kapwa mananampalataya?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags: #Pananampalataya #Himala #Pag-asa